KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 09-295

KAPASIYAHAN NA KUMIKILALA AT BUMABATI KAY MARC PAOLO DEANG CALALANG SA KANYANG PAGKAPANALO BILANG PUBLIC RELATIONS OFFICER (PRO) NG NATIONAL YOUTH COORDINATING COUNCIL (NYCC) SA GINANAP NA 17TH NATIONAL YOUTH CONGRESS NOONG MAYO 19 HANGGANG 22, 2009 SA MARIKINA CONVENTION CENTER, LUNGSOD NG MARIKINA.

****

Ipinanukala ni: ***Kgg. Punonglungsod Aldrin L. San Pedro***
Kgg. Pang. Punonglungsod Artemio A. Simundac
Kgg. Kon. Luvi P. Constantino
Kgg. Kon. Allen F. Ampaya
Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Kon. Ma. Luisa Babaran-Echavez, MD
Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, MD
Kgg. Kon. Melchor R. Teves
Kgg. Kon. Atty. Icasiano M. dela Rea
Kgg. Kon. Ermie S. Espeleta
Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo
Kgg. Kon. Engr. Marissa Cole-Rongavilla
Kgg. Kon. Engr. Mamerto T. Sevilla, Jr,
Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday
Kgg. Kon. Robert A. Abas
Kgg. Kon. Mggl. Rey E. Bulay
Kgg. Kon. Dann Henry G. Teves

****

SAPAGKAT, noong Mayo 19-22, 2009 ang ***National Youth Coordinating Council on Drug Abuse Prevention and Education*** ay nagsagawa ng **17th National Youth Congress** sa **Marikina Convention Center** at nagkaroon ng halalan ng mga bagong Opisyales at isa si **Marc Paolo Deang Calalang** sa nanalong kandidato bilang **Public Relations Officer (PRO)**;

SAPAGKAT, ang nasabing halalan ay nilahukan ng mga delegadong kabataan na nagmula sa iba't-ibang panig ng bansa;

SAPAGKAT, si Paolo ay isa sa labing isa (11) na opisyal na deligado ng Pamahalaang Lungsod na napiling kumatawan sa ginanap na 17TH Natioanl Youth Congress;

SAPAGKAT, si Paolo ay panganay na supling ng mag-asawang ***Inhr. Nathaniel S. Calalang*** at ***Konsehal Dra. Marita Deang-Calalang*** at mayroong dalawang kapatid na sina Pauline at Paula;

SAPAGKAT, si Paolo ay ipinanganak noong **Disyembre 1, 1990,** nagtapos ng Elementarya at Sekondarya sa **Southernside Montessori School** at kasalukuyang kumukuha ng kursong **AB-Political Science** sa **De La Salle University – Dasmariñas;**

Pahina 2
Kapasiyahang Panlungsod Bilang 09-295

SAPAGKAT, si Paolo ay Pangulo ng **Muntinlupa Junior Rescue Team (MJRT)** noong taong 2006 hanggang sa kasalukuyan, ***Chairman*** ng **Sama-Samang Kabataan ng Poblacion (SAMAKA-POBLACION o SKP)** at miyembro ng **Poblacion Youth Federation(PYF)**;

SAPAGKAT, noong September 24, 2008 si Paolo ay pinarangalan bilang **Best Debater** na ginanap sa **De La Salle University - Dasmariñas** na ipinagkaloob ng **Vox La Salle Debate Society**, siya ay naging **Natatanging Kabataan ng Muntinlupa** noong taong 2007 at isa sa **10 Most Outstanding Youth Leaders** sa Lungsod ng Muntinlupa taong 2008;

SAPAGKAT, hindi alintana ni **Paolo** at mga kasama ang susuunging panganib sa kanilang pagtulong sa anumang kalamidad na nangyayari sa Lungsod tulad ng sunog, bagyo at baha;

SAPAGKAT, sa murang edad ni **Paolo** ay ipinakita niya ang tapat at walang kapagurang paglilingkod hindi lamang sa kabataan kundi sa lahat ng mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa na mas higit na nangangailangan ng kanyang tulong at serbisyo publiko;

SAPAGKAT, ang kanyang kahusayan ay nagbigay ng inspirasyon at nagiging huwaran ng mga kabataan ng Muntinlupa upang magtagumpay sa kanilang mga adhikain sa larangan ng pagbibigay ng serbisyo sa mga kabataan at mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang ipinakitang kasipagan, matulungin at galing bilang isang lider ni Marc Paolo Deang Calalang sa kanyang murang edad na Labing Walong Taong (18) gulang ay kahanga-hanga at karangalan ng mga magulang niya at ng Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, si Paolo ay isang uri ng Kabataan na may ***Karangalang*** dapat tularan, siya ay isang ***Ehemplo/huwaran*** ng mga kabataang ***Pag-asa*** ng Lungsod ng Muntinlupa at Bansang Pilipinas;

SAPAGKAT, ang ganitong uri ng parangal sa mga kabataang tulad ni **Paolo** ay nakapagbibigay ng inspirasyon at nakakapagpataas ng kanilang moral upang mapag-ibayo pa ang pagsisikap sa pag-aaral tungo sa pagiging maunlad at mabuting mamamayan;

SAPAGKAT, ang ating **Punonglungsod Kgg. Aldrin L. San Pedro** ay kumikilala sa kahanga-hangang tagumpay ng bawat mamamayan, partikular ang mga kabataan sapagkat isa rin siya sa mga kabataan na naging huwaran;

NGAYON DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN AT MULING PINAGPASIYAHAN, ng ika-5 Sangguniang Panlungsod na kumikilala at bumabati kay **Marc Paolo Deang Calalang** sa kanyang pagkapanalo bilang ***Public Relations Officer (PRO)*** ng ***National Youth Coordinating Council (NYCC)*** sa ginanap na **17th National Youth Congress** noong Mayo 19 hanggang 22, 2009 sa ***Marikina Convention Center, Lungsod ng Marikina***.

PINAGTIBAY, ng ***5th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **ika-8** ng **Hunyo, 2009**, sa ginanap na ika-***80 Regular na Pagpupulong***.

SINANG-AYUNAN:

DISTRITO:

KON. ALLEN F. AMPAYA
Miyembro

KON. ALLAN REY A. CAMILON
Miyembro

KON. MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, MD
Miyembro

KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD
Miyembro

KON. MELCHOR R. TEVES
Miyembro

KON. MGGL. ICASIANO M. DELA REA
Miyembro

KON. ERMIE S. ESPELETA
Miyembro

DISTRITO II:

KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING
Miyembro

KON. JOSELITO V. AREVALO
Miyembro

KON. LUVI P. CONSTANTINO
Miyembro

KON. ENGR. MARISSA COLE-RONGAVILLA
Miyembro

KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.
Miyembro

KON. VERGEL C. ULANDAY
Miyembro

KON. ROBERT A. ABAS
Miyembro

KON. MGGL. REY E. BULAY
Miyembro

KON. DANN HENRY G. TEVES
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

DI LUMAHOK:

KON. MARITA DEANG-CALALANG, DMD
Miyembro

LIBAN:

KON. RENATO R. SO
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punongbarangay

PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

LEONORA M. MARCELO
Legislative Staff Officer IV

PINATUTUNAYAN:

ARTEMIO A. SIMUNDAC
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

ALDRIN L. SAN PEDRO
Punonglungsod
Petsa: _____

Norie/